Pangalan: ______________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Sanaysay: Uri at Elemento Nito**

**I. PANUTO:** Basahin mo at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat mo sa patlang bago ang bilang ang letra ng wastong sagot.

_____ 1. Anong uri ng akdang pampanitikan ang mainam na isulat sa paglalahad ng sariling opinyon o saloobin tungkol sa isang usapin?
a. anekdota
b. maikling kuwento
c. sanaysay
d. tula

_____ 2. Sa pagsulat ng sanaysay, mahalaga ang sumusunod maliban sa ______.
a. malinaw at wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya
b. matatalinghagang pahayag o salita
c. mga sanggunian
d. tiyak na impormasyon

_____ 3. Paano naiiba ang akdang sanaysay sa iba pang akda?
a. Nagtataglay ito ng matatalinghagang salita at simbolismo.
b. Binubuo ito ng komplikadong banghay.
c. Naglalaman ito ng sariling opinyon, saloobin, at pananaw ng may-akda.
d. May iba't ibang kuwento itong nakapaloob sa mga kabanata.

____ 4. Ang sumusunod ay pagkakatulad ng sanaysay sa iba pang akdang pampanitikan, maliban sa:
a. hango sa realidad at imahinasyon ng isip
b. may mga gintuang aral na nakapaloob
c. naghahatid ng kawili-wili at makabuluhang impormasyon
d. naglalaman ng pansariling pananaw at opinyon

____ 5. Ano ang pinagkaiba ng talumpati sa sanaysay?
a. binibigkas sa entablado at sa publiko
b. hango sa pansariling opinyon ng may-akda
c. paglalahad ng mga impormasyon sa isang usapin
d. tuluyang anyo ng panitikan

**II. PANUTO:** Lagyan mo ng tsek ( / ) kung ang pahayag ay tumutukoy sa mga katangian o elemento na dapat taglayin ng isang sanaysay at ekis ( x ) naman kung hindi.

| | |
|---|---|
| 1. Ang sanaysay ay binubuo ng opinyon at saloobin ng may-akda. | |
| 2. Kinakailangang payak at simple ang mga salita at pahayag sa paglalahad ng mensahe sa isang sanaysay. | |
| 3. Binubuo ang sanaysay ng bawat kabanata na naglalaman ng mga wastong pagkakasunod-sunod ng pangyayari. | |
| 4. Ang tema ang nagsisilbing layunin sa pagsulat ng isang sanaysay. | |
| 5. Ang pormal na sanaysay ay nagbibigay ng mga impormasyong naglalahad ng mahahalagang kaisipan. | |